REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-119

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGLALAAN NG SAMPUNG (10) EKTARYANG LUPA SA ALABANG STOCK FARM (ASF) BILANG ON-SITE RELOCATION NG MGA KASALUKUYANG NANINIRAHAN SA ASF NA MAAAPEKTUHAN NG DEVELOPMENT NITO MULA SA ORIHINAL NA INILAANG LUPA ALINSUNOD SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 91-218 NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng mga Kagawad ng Ikalawang Distrito

*************************************************************

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksiyon 16 ng Republic Act 7160 (Local Government Code of 1991) na ang bawat yunit ng pamahalaang lokal ay dapat pangalagaan ang pangkalahatang kaginhawahan at kagalingan ng mga nasasakupan nito;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang mga naninirahan sa ASF ay matagal na ring panahon na nalagi dito at itinuturing ang Bayan ng Muntinlupa bilang nag-iisa at kinikilalang bayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang pinagkakakitaan o pinaghahanapbuhayan ng mga taga-ASF ay nasa Muntinlupa o sa karatig-bayan lamang at kung sila'y malalayo ng tirahan ay malaking kawalan at kahirapan ang kanilang madadanasan at lubos pa ring maaapektuhan ang pag-aaral ng kanilang mga anak;

SAPAGKAT, ang proyektong murang lupa't pabahay ay isa sa mga pangunahing programa ng pamahalaang nasyonal na dapat kilalanin at suportahan di-lamang ng bawat ahensiya ng pamahalaan kungdi maging ng mga nasa pribadong sektor man;

SAPAGKAT, sa Muntinlupa Integrated Development Plan na inihanda ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa para sa New Bilibid Prisons Reservation at Alabang Stock Farm ay isinasaad dito ang pakikipag-ugnayan ng anumang ahensiya na magde-develop rito sa pamahalaang bayan maging ang pagsunod sa planong nakasaad dito tulad ng paglalaan ng lupang bahagi sa loob ng mga ito para sa mga kasalukuyang naninirahan dito na maaapektuhan ng development ng mga nabanggit na lugar.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan ang paglalaan ng sampung (10) ektaryang lupa sa Alabang Stock Farm (ASF) bilang on-site relocation ng mga kasalukuyang naninirahan sa ASF na maaapektuhan ng development nito mula sa orihinal na inilaang lupa alinsunod sa pinagtibay ng Kapasiyahan Bilang 91-218 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-67th regular na pulong na ginanap ngayong ika-17 ng Disyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

(Di Nakilahok)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Absent)
KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

HINDI PINAGTIBAY

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan